## Mapa ng Barangay

IDIKIT ANG MAPA NG BARANGAY. ITO AY MAGSILBING GABAY NG PAMILYA SA PAGUHIT NG KANILANG RUTA PATUNGO SA EVACUATION CENTERS

LAGYAN NG ( ) MARKA KUNG SAAN MAKIKITA ANG INYONG BAHAY, DALAWANG LUGAR TAGPUAN, AT TINALAGANG EVACUATION CENTER. ISULAT KUNG KINAKAILANGAN

# SA KAMAY MO NAKASALALAY ANG KALIGTASAN MO!

# MAGING L!STO!




OPERATION L!STO
tamang paghahanda, tamang aksyon!

# GABAY AT MAPA PARA SA LISTONG PAMILYANG PILIPINO

Ang materyal na ito ay binuo para sa kaligtasan at kahandaan ng iyong komunidad. Ito ay binubuo ng mga katangian ng isang L!STONG PAMILYANG PILIPINO at mga aksyon na dapat gawin ng bawat myembro ng pamilya.

### Dapat Maagap!

GUMAWA NG PLANO | MAG-IPON NG GAMIT SA E-BALDE | MAGHANAP NG SUPORTA

### Dapat May Alam!

ALAM ANG AKSYON BAGO, HABANG AT PAGKATAPOS ANG ISANG SAKUNA | ALAM ANG MGA SAKUNA SA LUGAR

### Dapat Handang-Handa!

MAY PAMPAMILYANG PLANO PARA SA PAGLIKAS

MAAGAP

## DIREKTORYO NG LISTONG PAMILYANG PILIPINO

Pamilya / Kamag-anak

| PANGALAN | KASARIAN | EDAD | NUMERO NG TELEPONO O CELLPHONE | BLOOD TYPE | KARANIWANG LUGAR NA PINUPUNTAHAN |
|---|---|---|---|---|---|
| 1. | | | | | |
| 2. | | | | | |
| 3. | | | | | |
| 4. | | | | | |
| 5. | | | | | |

Iba pang kamag-anak, kaibigan na maaaring tawagan

| PANGALAN | KASARIAN | EDAD | NUMERO NG TELEPONO O CELLPHONE | BLOOD TYPE | ADDRESS |
|---|---|---|---|---|---|
| 1. | | | | | |
| 2. | | | | | |
| 3. | | | | | |
| 4. | | | | | |
| 5. | | | | | |

### LOCAL

Barangay: ____________________

Munisipyo: ____________________

Pulis: ____________________

Bumbero: ____________________

Ospital: ____________________

MDRRMC: ____________________

Red Cross Chapter: ____________________

DSWD/MSWD: ____________________

Electric Provider: ____________________

*(e.g. Meralco)*

Water Provider: ____________________

*(e.g. Manila Water)*

### NATIONAL

**NDRRMC**
Trunkline: 911-5061 to 65 Operations Center: (02)911-1406, (02)912-2665, (02)912-5668, (02) 911-1873

**Office of Civil Defense**
(02) 911-5061 to 65

**PNP**
Hotline: 117, 722-0650
Text hotline: 0917-847-5757

**Red Cross**
Hotline: 143
(02) 527-0000,
(02) 527-8385 to 95

**BFP**
(02) 426-3812, (02) 426-0219

**PAGASA**
General Inquiries: (632) 4342696 Weather Forecasting System: (632) 9264258, (632) 9271541
Aviation Weather Updates (632) 8323023

**Philippine Coast Guard**
Trunkline: (02) 527-8481 to 89
Action center: (02) 527-3877
Text Hotline: (Globe) 0917-PCG-DOTC,
(Globe) 0917-724-3682 (Smart) 0918-967-4697

**PHIVOLCS**
Text hotline: 0918-9122813
Trunkline: (02) 931-81-01
Disaster Response Unit: 856-3665, 852-8081

**DILG (PATROL 117)**
Text hotline: 925-1111
Telefax: 928-7281

MAAGAP

## Marunong mag-plano ang L!stong Pamilyang Pilipino

**Dalawa o tatlong beses sa isang buwan, ugaliing pag-usapan ang paghahanda ng pamilya sa mga darating na sakuna.**

- ☐ Ipaliwang sa bawat isa ang dahilan at epekto ng isang sakuna
- ☐ Pag-usapan at ituro sa mga bata ang mga gawain sa isang paglikas
- ☐ I-tsek at mag-imbak ng mga kagamitan na maaring ilagay sa e-balde
- ☐ Kilalanin ang lokal na opisyal o opisina na maariing tawagan sa oras ng sakuna
- ☐ Mag-ensayo ng mga gawain sa isang paglikas
- ☐ Alamin ang mga ligtas na daan palabas ng bahay
- ☐ Alamin ang mga ligtas na lugar o ruta patungo sa evacuation centers
- ☐ Magkaroon ng isa o dalawang tagpuan sa oras ng sakuna
- ☐ Ipaskil ang mga emergency numbers malapit sa telepono o itala sa cellphone

## May E-Balde Ang L!stong Pamilyang Pilipino

**Ang e-balde o emergency balde ay pinagsama-samang emergency goods na maaaring dalhin sa oras ng paglikas. Maaari rin gamitin na pang-igib ng tubig kung kinakailangan.**




### Tubig at Pagkain
*(Sapat para sa tatlong (3) araw)*
- ☐ Istak ng Pagkain *(Delata at Ready-to-eat foods)*
- ☐ Tatlong *(3)* galon ng tubig

### Gamit Pang-medikal
- ☐ First Aid Kit
- ☐ Karaniwang gamot para sa ubo, lagnat, sipon atbp.
- ☐ Hygiene kit *(Sabon, shampoo, alkohol, toothbrush, toothpaste, Sanitary pads, deodorant, condom)*

### Dokumento *(Ilagay sa plastic o anumang waterproof na lalagyan)*
- ☐ Birth, Marriage o Death Certificate
- ☐ Titulo ng Lupa
- ☐ ATM Card, Passbook, ID, Passport at iba pang mahahalagang card
- ☐ Iba pang papeles

### Kasuotan
- ☐ Kapote
- ☐ Bota
- ☐ Tsinelas
- ☐ Ekstrang damit
- ☐ Hard Hat o Helmet
- ☐ Malong
- ☐ Salawal (Underwear)

### Gadget *(Para sa impormasyon)*
- ☐ Cellphones
- ☐ Radyo
- ☐ Ekstrang baterya at powerbank

### Iba pa
- ☐ Flashlight
- ☐ Papel at Ballpen
- ☐ Lubid
- ☐ Posporo o lighter
- ☐ Pito o whistle
- ☐ Pera

MAY ALAM

## Bagyo

### ALAMIN ANG PANGANIB
Ang bagyo o tropical storm ay malakas na hanging kumikilos paikot sa himpapawid na bumababa at tumatama sa lupa. Ito ay kalimitang may kasamang malakas at tumatagal na pag-ulan at malalakas na kidlat. Upang bigyang babala ang publiko sa nakaambang panganib na dulot nito, nag-aanunsyo ang gobyerno ng public storm warning signal.

### ANO ANG MAAARING IDULOT NITO?
- Magdala ng iba pang panganib tulad ng rumaragasang baha at storm surge
- Magdala ng pagkalunod ng pamilya at pagkasira ng bahay
- Makasira ng bahay, gusali, at iba pang imprastraktura
- Manira ng mga pananim at mga puno

### PAANO MAIIWASAN ANG SAKUNA?
- ☐ Ugaliing makinig sa radyo, tv, internet at iba pang media channel ng anunsyo ng public storm warning signal
- ☐ Itali ang bubong at kung ano pang maaaring liparin ng hangin
- ☐ Ihanda ang e-balde
- ☐ Huwag pumalaot o mangisda
- ☐ Huwag tumawid sa rumaragasang tubig
- ☐ Lumikas patungo sa evacuation center kung may babala mula sa kapitan o DRRMO
- ☐ Manatili sa loob ng bahay kung malakas na ang hangin at ulan
- ☐ Putulin ang mga sanga ng puno na maaaring bumagsak



### MGA PAALALA O WARNING SIGNAL
Ang public storm warning signal sa isang lugar ay nakabatay sa tindi, laki ng sirkulasyon, direksyon, at bilis ng isang bagyo sa sandaling inilabas ang isang public storm warning signal

| SIGNAL NO. | BILIS NG HANGIN | HABA NG PANANATILI AT PAGTAMA NG HANGIN SA LUPA | SUSPENSYON NG KLASE O TRABAHO | POSIBILIDAD NG PAGLIKAS | EPEKTO SA ISTRUKTURA NG BAHAY | KONDISYON NG DAGAT *(TAAS NG ALON)* |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 1 | 30-60 Kph | 36 oras | Kindergarten | Maaaring Lumikas | | 1.25- 4.0 meters |
| 2 | 61-120 Kph | 24 oras | Kindergarten, Elementary at High School | Maaaring Lumikas | | 4.1-14.0 meters |
| 3 | 121-170 kph | 18 oras | Kindergarten, Elementary, High School, College at Pang-publiko at Pang-pribadong Opisina | Inirerekomendang Lumikas | | 14.0 meters |
| 4 | 171-220 kph | 12 oras | Kindergarten, Elementary, High School, College at Pang-publiko at Pang-pribadong Opisina | Dapat Lumikas | | More than 14.0 meters |
| 5 | Mahigit 220 Kph | 12 oras | Kindergarten, Elementary, High School, College at Pang-publiko at Pang-pribadong Opisina | Dapat Lumikas | | More than 14.0 meters |

**Paalala:** Ang lokal na pamahalaan ang may awtoridad sa pag-anunsyo ng suspensyon ng klase o trabaho sa opisina. Maaring hintayin ang kanilang annunsyo sa TV, radyo o internet.[2]

MAY ALAM

## Lindol

### ALAMIN ANG PANGANIB


Ang lindol o earthquake ay ang pagyanig dulot ng biglaang paggalaw ng mga bato sa ilalim ng lupa.

### ANO ANG MAAARING IDULOT NITO?
- Iba pang panganib tulad ng landslide, tsunami, baha at sunog
- Pagbibitak, pagkatunaw at pagguho ng lupa
- Pagguho ng mga gusali at bahay at pagtumba ng mga poste at mga puno

### PAANO MAIIWASAN ANG SAKUNA?
- ☐ Alamin kung matibay ang bahay na tinitirahan
- ☐ Sumunod sa building code upang maiwasan ang pagkakaroon ng mga depektibo at mahinang klase ng istruktura o gusali
- ☐ Alamin kung ang inyong bahay ay nakatayo malapit sa isang faultline
- ☐ Alamin ang mga ligtas na lugar sa loob ng bahay, paaralan o opisina
- ☐ Kung lumindol, gawin ang "drop, cover and hold": dumapa sa lupa o sahig, magtago sa ilalim ng matibay na mesa at humawak sa paa nito.
- ☐ Manatiling nasa loob ng bahay hanggang sa matapos ang pagyanig at siguradong ligtas nang lumabas ng bahay
- ☐ Kung nasa labas ng bahay, humanap ng lugar malayo sa mga gusali, puno, poste ng kuryente at iba pang bagay na maaaring bumagsak
- ☐ Maging alerto sa mga after shock o mga muling pagyanig
- ☐ Bumalik ng bahay kapag may anunsyo na ni DRRMO, kapitan at iba pang lokal na awtoridad
- ☐ Lumikas patungo sa evacuation center kung may babala mula sa kapitan o DRRMO

### MGA PAALALA O WARNING SIGNAL

| LAKAS (INTENSITY) NG LINDOL | SITWASYON |
|---|---|
| 1 | HALOS DI-MARAMDAMAN |
| 2 | BAHAGYANG NARARAMDAMAN |
| 3 | MAHINA |
| 4 | KATAMTAMAN ANG LAKAS |
| 5 | MALAKAS |
| 6 | SOBRANG LAKAS |
| 7 | MAPAMINSALA |
| 8 | SOBRANG MAPAMINSALA |
| 9 | MAPANGWASAK |
| 10 | MAPANGGUNAW |

## Landslide


### ALAMIN ANG PANGANIB
Ang landslide ay ang paggalaw o pagguho ng lupa at bato pababa mula sa isang mataas na lugar na kadalasan ay dulot ng malakas na pag-ulan.

### ANO ANG MAAARING IDULOT NITO?
- Paggapang ng lupa, pagdausdos ng bato o iba pang sirang istruktura, pagbagsak ng mga bato at pag-agos ng bato, lupa o putik
- Maaaring matabunan ng bato, lupa o putik ang inyong bahay

### PAANO MAIIWASAN ANG SAKUNA?
- ☐ Makipag-ugnayan sa DRRM office at alamin kung may banta ng landslide sa inyong lugar
- ☐ Iwasang magtayo ng bahay sa gilid o paanan ng bundok, bangin o hukay, at lugar na nagkaroon ng landslide
- ☐ Kung nasa loob ng bahay at nagkaroon ng landslide, pumunta sa parte ng gusali na malayo mula sa paparating na landslide
- ☐ Kung nasa labas ng bahay, lumayo sa maaaring daanan ng landslide at sa mga puno, poste ng kuryente at mga gusali
- ☐ Lumikas patungo sa evacuation center kung may babala mula sa kapitan o DRRMO

### MGA PAALALA O WARNING SIGNAL
- Pagkakaroon ng mga bagong bitak sa pader at sahig
- Paglawak ng bitak sa mga kalsada
- Pagkasira ng mga linya ng tubig sa ilalim ng lupa
- Paggalaw o pagtagilid ng mga bakod, pader, mga poste o mga puno

HANDANG HANDA



## ANG PLANO NG L!STONG PAMILYA

**ISKEDYUL NG PAG-UUSAP AT PAGHAHANDA NG PAMILYA SA MGA BANTANG-PANGANIB**

PETSA? ........................
ARAW? ........................
ORAS? ........................

ILANG BESES SA ISANG BUWAN?
- ☐ ISA
- ☐ DALAWA
- ☐ TATLO

**I-TSEK ANG KARANIWANG PANGANIB NA NARARANASAN SA LUGAR. MAGBIGAY NG HALIMBAWA:**
- ☐ BAHA ______________
- ☐ BAGYO ______________
- ☐ LAND SLIDE ______________
- ☐ TSUNAMI ______________
- ☐ STORM SURGE ______________
- ☐ LINDOL ______________
- ☐ SUNOG ______________

**ISULAT ANG MGA EARLY WARNING SYSTEM SA KOMUNIDAD**

______________
______________
______________
______________
______________
______________
______________

**ISULAT ANG MGA GAWAIN, BAGO, HABANG AT PAGKATAPOS NG ISANG SAKUNA**

Bago

Habang

Pagkatapos

**ISULAT ANG GAWAIN NG BAWAT MYEMBRO NG PAMILYA SA PAGHAHANDA**

NANAY ______________
______________
TATAY ______________
______________
ANAK ______________
______________
IBANG MYEMBRO NG PAMILYA
______________
______________

**ISULAT ANG LUGAR TAGPUAN AT ITINALAGANG EVACUATION CENTER ANG PLANO NG LISTONG PAMILYANG PILIPINO**

DALAWANG LUGAR NG TAGPUAN
1. ______________
2. ______________

ITINALAGANG EVACUATION CENTER ______________
______________
______________
______________

MAAGAP

## Pagpapatatag Ng Suporta Ng L!stong Pamilyang Pilipino



**KOMUNIDAD**
Pagsali sa evacuation at community drills

**KOMUNIDAD**
Makibahagi sa pagsasaayos ng early warning signal sa lugar



**GOBYERNO**
Pagsunod sa paglikas, mga evacuation advisories at iba pang panuntunan

Paglagay ng mga signages patungo sa mga ruta patungong evacuation center

**MEDIA**
Regular na sumubaybay sa mga ulat sa radyo, tv at social networking sites

**GOBYERNO**
Itanong sa lokal na pamahalaan ang itinalagang evacuation center at bigyang pansin ang mga information campaign sa mga sakuna



**SIMBAHAN**
Tukuyin ang mga hakbang ng paghahanda ng simbahan bago ang sakuna

**TRABAHO**
Tukuyin ang mga hakbang ng paghahanda sa trabaho bago ang sakuna

**ESKWELAHAN**
Tukuyin ang mga hakbang ng paghahanda sa eskwelahan bago ang sakuna

### Family H.O.U.R. (Home Operations for Unified Response)

Ang **Family H.O.U.R. o Home Operations and Unified Response** ay nagpapaalala na mahalaga ang pagpapa-plano ng pamilya sa anumang disaster na maaaring kaharapin nila. Ang oras na ito ay nakalaan para sa:
- Pampamilyang Pagpa-plano para sa sakuna (maaring gamitin at magsilbing gabay ang Gabay at Mapa)
- Paghahanda ng e-balde
- Pagkukumpuni ng bahay
- Pag-alala ng mga gawain bago, habang at pagkatapos ang isang sakuna




PETSA: ______________ ORAS: ________ ARAW: ______________

MAY ALAM

## Baha

### ALAMIN ANG PANGANIB
Ang baha o flooding ay ang hindi inaasahang pagtaas ng tubig sa isang lugar dulot ng tuloy tuloy na pag-ulan, storm surge, tsunami at high tide. Ito ay maaari ring dulot ng mga gawain ng tao tulad ng maling pangangasiwa ng basura at kanal, pagputol ng puno at pagpapakawala ng tubig sa dam.

### ANO ANG MAAARING IDULOT NITO?


- Pagpasok ng tubig-baha sa loob ng bahay
- Paglubog ng bahay sa baha
- Maaaring pagmulan ng ng sakit tulad ng leptospirosis, diarrhea at iba pa
- Pagkakuryente sa tubig-baha
- Pagkalunod
- Pagkatangay ng mga mapanganib na hayop o bagay tulad ng ahas at iba pang debris

### PAANO MAIIWASAN ANG SAKUNA?
- ☐ Ilagay ang mga kable at koneksyon ng kuryente sa mas mataas na bahagi ng bahay
- ☐ Siguruhin na walang bara ang inyong mga kanal
- ☐ Magtayo ng flood walls at sandbag kung kinakailangan
- ☐ Iwasang magmaneho sa lugar na binabaha. Ang dalawang talampakang taas ng umaagos na tubig ay maaring magtangay ng sasakyan
- ☐ Huwag maglaro o lumusong baha
- ☐ Lumikas patungo sa evacuation center kung may babala mula sa kapitan o DRRMO
- ☐ Huwag magpumilit tumawid sa rumaragasang tubig

### MGA PAALALA O WARNING SIGNAL
Ang rainfall warning ay isang batayan kung ano ang kailangang gawing aksyon ng pamilya kung sakaling magkaroon ng mahina o malakas na ulan




## Sunog

### ALAMIN ANG PANGANIB
Ang sunog ay isang pangyayari dulot ng mabilis at hindi mapigilang pagkalat ng apoy na maaaring dulot ng sirang kable ng kuryente, mga kasangkapang naiwang nakasaksak, naiwang kandila na nakasindi, kalan at iba pang bagay na maaaring pagmulan ng sunog.

### ANO ANG MAAARING IDULOT NITO?
- Maaaring pagmulan ng haze o pagkakaroon ng makapal na usok sa mga kalapit na lugar
- Makasira ng bahay, gusali, at iba pang imprastraktura
- Maaaring pagmulan ng mga sakit sa baga ang usok galing sa sunog

### PAANO MAIIWASAN ANG SAKUNA?
- ☐ Alamin ang emergency exit sa inyong bahay
- ☐ Ugaliing isara ang tangke ng gas
- ☐ Pag-aralan gumamit ng fire extinguishers
- ☐ Ilagay ang mga numero ng telepono ng fire station sa lugar na madaling makita
- ☐ Tumawag ng electrician o ipagbigay-alam sa pinakamalapit na electric company ang anumang sirang linya ng kuryente

### MGA PAALALA O WARNING SIGNAL

**HABANG MAY SUNOG:**
- ☐ Huwag mag-panic
- ☐ Patayin ang main switch ng kuryente
- ☐ Kapag makapal na ang usok sa loob ng bahay, gumapang palabas
- ☐ Maglaan ng maluwag na daanan para sa mga rescuer, bumbero at fire truck
- ☐ Ipagbigay alam sa kinauukulang lokal na opisyal o pinakamalapit na ahensya ng gobyerno sa pamamagitan ng pinakamabilis na komunikasyon

**PAGKATAPOS NG SUNOG:**
- ☐ Bumalik lamang sa inyong bahay kung mayroon ng pahintulot mula sa inyong mga lokal na opisyales na ligtas na ang inyong lugar

MAY ALAM

## Storm Surge (Daluyong) AT Tsunami

### ALAMIN ANG PANGANIB
Ang storm surge o daluyong ng bagyo ay ang hindi pangkaraniwang pagtaas ng tubig sa dalampasigan habang papalapit ang bagyo sa baybayin. Ito ay sanhi ng malakas na hangin dahil sa pagbaba ng pwersa sa mata ng bagyo na nagtutulak sa tubig-dagat dahilan upang ito ay maipon at tumaas kaysa sa pangkaraniwang taas ng tubig.



Ang tsunami naman ay ang hindi pangkaraniwang pagtaas ng tubig sa dalampasigan dala ng pwersa dulot ng lindol, mudslides at pagsabog ng bulkan.



### ANO ANG MAAARING IDULOT NITO?
- Tangayin ang mga bangka o sasakyang pang-dagat
- Dalawampung talampakan o mahigit na dalawang-palapag na bahay na pagtaas ng tubig malapit sa baybayin
- Matinding pagbaha sa baybayin

### PAANO MAIIWASAN ANG SAKUNA?
- ☐ Magtungo sa mataas na lugar kung may kapansin-pansin na di pangkaraniwang na pagtaas at pagbaba ng tubig
- ☐ Huwag manirahan malapit sa dagat o sa mga no-build zones
- ☐ Magtanim ng bakawan o magtayo ng seawall kung malapit ang bahay sa dagat
- ☐ Alamin sa DRRM Office ang Warning Signal sa inyong komunidad sa Tsunami at Storm Surge
- ☐ Magkabit ng mga karatulang "paalala" o "babala" malapit sa delikadong parte ng dalampasigan
- ☐ Ugaliing makinig sa balita ukol sa Tsunami o Storm Surge
- ☐ Lumikas patungo sa evacuation center kung may babala mula sa kapitan o DRRMO

### MGA PAALALA O WARNING SIGNAL
Ang tsunami ay maaring magmula sa labas ng bansa. Kung mangyayari ito, mas mahaba ang oras ng isang pamilya para lumikas. Sa bansa, ito ang mga warning signal na dapat tandaan:

Maging mapagmatyag sa mga natural na senyales na nakalista sa ibaba, magtungo na sa mas mataas na bahagi ng lugar at huwag nang maghintay ng anunsyo ng paglikas

- Malakas na paglindol
- Abnormal na pagtaas at pagbaba ng tubig
- Ugong ng malakas na alon ng dagat

**IGUHIT AT ITURO ANG MGA SUMUSUNOD SA INYONG BAHAY:**
- LABASAN O EXIT POINTS
- BINTANA
- MGA MAPANGANIB AT DELIKADONG LUGAR